STORAGE
PL
6058.9
.I24
C33
Bulw

B 1,035,576

Ignacio, Cleto R.

Casaysayan ng catotohanang buhay ng Haring Clodeveo!

UNIVERSITY OF MICHIGAN
3 9015 03504 9736



KASAYSAYAN
NG KATOTOHANANG BUHAY
NG

Haring Clodoveo at
Reyna Clotilde
SA REYNO NANG FRANCIA

BIBLIO-FILIPINO
P.O. BOX SM - 116 STA. MESA
MANILA, PHILIPPINES
TEL. 61-12-18

CASAYSAYAN
NG
CATOTOHANANG BUHAY
NG
Haring Clodeveo
AT
Reyna Clotilde

SA REYNO NANG FRANCIA NA TINULA
SA LUBOS NA CATIAGAAN NI

CLETO R. IGNACIO
Concepcion, Malabon, Rizal.

SIPI SA TUNAY NA HISTORIA

1917

IMPRENTA, LIBRERIA Y PAPELERIA
DE
P. SAYO Vda. DE SORIANO
Rosario 225, Plaza del Conde 1008 y Azcarraga 552, Tondo
MANILA, I. F.

STOR
DL
6058
.I24
C33

PAUNAUA

Manga maguiliuing puso sa pagbasa
nang catotohanang hanay nang historia,
dito'y lubos ninyong mapag-kikilala
ang cay Clodoveong buhay na talaga.

Niyong unang siya ay di pa cristiano
ay Clovis ang tauag sa pangalang moro,
nang binyagan siya'y naguing Clodoveo
at Reyna Clotilde ang asaua nito.

Siya'y isang tangi cung sa cabaitan
at uliran naman cung sa cahinhinan,
nang tanang babae, nang casalucuyang
siya ay dalaga't nang mag-asaua man.

Caya cailangang pacatalastasin
yaong buhay niya't nang iyong malining,
mulang puno't dulo'y iyong pasayurin
at nang upang iyong matantong magaling.

Hangang dito aco't ang bahala'y icaw
sa tula cong hamac na pinag-inutan,
sa dahop cong cayang hinimalay lamang
na butil, nang manga nalagas sa uhay.

Ang aklat na ito'y ari ng "Imprenta at Libreria" ni P. Sayo.
Balo ni Soriano

Simula nang buhay

TAONG isang daan ualungpu at apat mula nang manaog ang Poong Mesias, sa Reyno nang Francia ay noon tumangap si Clovis nang pagca Haring napatanyag.

Nang panahong yao'y ang Reyno ng Francia ay hindi cristiano at manga gentil pa, si Clovis ang siyang nagbinyagang una't sa Dios ay siyang unang cumilala.

Sa panahong yao'y ang Borgoña nama'y manga cristianong tumangap nang aral, nang manga Apostol ni Cristong hinirang na nagsilaganap sa sangsinucuban.

Noon ay ang Hari namang sinusunod na namamahala ay si Agabundos, at ang bunso niyang capatid na irog ay yaong Infante na si Hispericos.

Ang bunying Infante ay nagca-asaua nang isang Duquesa na si Aprodicia, dalauang babayeng naguing Anác nila na ang bunso'y ualang cauangis nang ganda.

Mabunying Infanta Estatira bilang ngalan nang canilang Anác na panganay, ang bunso'y Infanta Clotildeng tinitiman sa Reynong Borgoña'y tanging cagandahan.

Bucod sa caniyang cagandahang angkin ay nahiyasan pa nang bait at hinhin. at nang cabanalang pagca-masintahin sa Dios na Poon at sa Inang Virgen.

Sa araw at gabi ay di sumasala
nang pananalangin sa Dios na Amá,
at sa Inang Virge't sa touing umaga'y
pilit guinaganap yaong pagsisimba.

Madalas ding siya ay nag-cocompisal
at tuloy ring siya ay nakikinabang,
lubos na caniyang pinag-iingatan
ang pagca-babaeng loob nang maycapal.

At bagamang cahit magcapatid sila
ang caugalia'y di nag-cacaisa,
ang sa cay Clotildeng guinagaua toui na
ay ang cagalingan niyong caluloua.

Siya'y di gumamit magpacaylan man
niyong pananamit na lubhang maringal,
tunay na caniyang kinasusuclaman
yaong masasaguang mangga cagayacan.

Caya nga at naguing casabihan siya
sa ugali't kilos tangi pa sa ganda,
anopa't marami ang naliligaya
bakit nga sa duc-ha ay malimusin pa.

Doon sa Borgoña'y isang araw naman
nag-fiestang ang tauag ay sa calahatan,
caya nga ang Hari at caguinoohan
ay dumalo't sampong taong caramihan.

Para-para silang nakinig nang Misa
sampon nang Infanteng Hispericos bagá,
doon sa Simbaha'y napipisan sila
at nananalangin sa Dios na Amá.

Ginagamit nila ang boong pag-galang
at lubhang malabis na pagpipitagan,
at sila ay doon nakikipanayam
sa Dios na Haring macapangyarihan.

Isa ang Infante na si Hispericos
na capatid niyong Haring Agabundos,
sa tanang guinoo siya ay calahoc
nang pananalangin sa may lic-hang Dios.

Nagcataon namang sa loob ng Templo'y
si Hispericos at isang concejero,
sila'y nag-uusap na nakita dito
nang Hari, ay tantong galit ay sumubó.

Caya't nang matapos ang mahal na Misa
sa palaciong lahat nangagtuloy sila.
tinanong nang Hari noon din pagdaca
dalauang nag-usap niyong nagsisimba.

Saad sa canila nang Haring marangal
na sikip sa pusò yaong cagalitan,
bakit at di bagá ninyo nalalaman
na yaong Simbaha'y laang dalangĩnan.

Tayo'y nangaglacbay doon at ang dahil
sa Dios na Poon ay mananalangĩn,
batid ninyong Dios ang caharap natin
bakit pag-uusap ang inyong gagauin.

Ipinalalagay ninyong ang caharap
doo'y isang taong gaya nating hamac,
at di pa hinintay na Misa'y nautas
at cayo'y doon na sa labas nag-usap.

Inaari ninyong ualang cabuluhan
ang Dios na dapat sambahi't igalang,
sa guinaua ninyong mangã catacsilan
marapat sa inyo'y alisan nĝ búhay.

Mabilis na hatol pagdaca'y guinanap
doon sa dalauang sa Templo'y nag-usap
nang di pamarisan yaong gauang linsad
at ipinatapon ang bangcay sa dagat.

Saca namang yaong hirang na asawa
at ang isa niyang Anác na Infanta,
na bilang pangãnay na si Estatira
pinaalis silang dalauang mag Iná.

Ayon sa canilang mangã caasalan
na hilig ang puso sa toua at layaw
kung caya nĝa sila'y pinagtabuya'y
di ayos cristiano ang canilang asal

Nĝuni't si Clotindeng bunsong iniirog
na hipag nang Hari na si Agabundos,
doon sa palacio'y nanatiling lubos
sapagca't may bait at galang sa Dios

Bakit sa pagsinta'y lubhang mahiliguin
sa Dios, at uili sa pananalangĩn,
caya nĝa namahal sa Haring amain
yaong si Clotindeng may bait na angkin.

Sa panahong yao'y ang Inperiong Francia
ay hindi cristiano at mañga gentil pa,
at ang Hari doon na kinikilala
na namamahala ay si Clovis bagá.

Ualang ano ano'y nasoc sa panimdim
na yaong Reyno nang Borgoña'y bacahin,
caya ñga't caniyang inutusang tambing
tanang embajador nang ganitong bilin.

Cayo ay maglacbay sa Borgoñang Reyno
at ipatalastas ang cahilingang co,
sa Haring lisanin ang pagca-cristiano
at sila'y sumamba sa mañga Idolo.

O, cung dili caya siya y magbibigay
ñg buis sa baua't isang taóng araw,
na ayon sa aking maguing cahingian
at siya'y sacop co ang catotohanan.

Sa cahilingan co'y cung susuay siya
babahá nang dugò ang Reynong Borgoña,
at mañgapupuesa silang para-para
sa aking dadalhing mataking armada.

Matapos ang bilin ay agad nag-lacbay
sa Borgoña yaong mañga inutusan,
nang dumating doo'y sinabi ang pacay
sa mahal na Haring macapangyarihan.

Ang cay Agabundos na uica'y ang lahat
na bilin sa inyo nang Haring nag-atas,
ay sabihin ninyong di co matutupad
ang ualang halagang mañga pañgungusap.

Diyata't Dios cong tunay ang lisanin
at yaong Idolo ang aking sambahin,
sa cahilingan niya'y ang aking patalim
siyang mananagot sa balang ibiguin.

Sa sinabing yao'y hindi nagsiimic
yaong embajador nang Haring si Clovis,
ala-ála nila ay baca magalit
Haring Agabundos cung muling magsulit.

Ay hindi mangyaring panoorin nila
yaong cagandahan nang bunying Infanta,
pagca't sila'y hindi nacakikita pa
gayong cagandahang naca-liligaya.

Na di iba't yaong Infanta Clotilde
na ang ganda't hinhin ay cauili-uili,
ualang capintasang sucat pang masabi
ang hirang na dilag sa pagca-babae.

Caya ngā't sa pagcatahang tatlong araw
sa palacio niyong embajadang tanan,
ay hindi mangyari nilang pagsauaan
ang sa cay Clotildeng tanging carikitan.

Yaong tatlong araw ay nang maganap na
sa Hari ay nangag-paalam na sila,
at nangagsibalic sa Reyno nang Francia
at sa Haring Clovis humarap pagdaca.

At ipinagsabi yaong casagutan
niyong sa Borgoñang Haring pinaglacbay,
at nang matapos nang canilang isaysay
ang lahat, sa Hari ay sinabi naman.

Na sa palacio ay nangatahan silang
hustong tatlong araw, caya ngā't nakita,
ang dalagang ualang catulad nang ganda
at ualang pangdamdam ang di maligaya.

Ang tabas nang muc-ha't tindig nang catauan
anhin mo'y guinaua nang balitang camay,
matá'y cung ititig at iyong pagmasdan
ay bató nang pusò ang di matiguilan.

Lalo cung ngumiti't siya ay mangusap
ay isa nang toua nang magcacapalad,
at cung sa pintuan siya'y lumalabas
anhin mo'y ang talang bagong sumisicat.

Caya caming lahat ay natitiguilan
sa hindi maisip naming carikitan,
sa Francia, at cahit sa ibang Reyno man
doon ay uala nang maca-áagapay.

Bakit ang ugali't kilos nang cristiano'y
totoong malinis na di gaya dito,
ang mangā babae ay di nabubuyo
tungcol sa lalaking makihalobilo.

Sapagca't ang anyo nang mangā binyagan
ay iba sa ating mangā inaasal,
ang mangā babae ay iniingatan
ang puri't salamin ang siyang cabagay.

Yaong camahalan nang canilang ayos
maguing pangungusap at sa manga kilos,
anopa't cung ating manga-papanood
bulaan ang hindi maganyac ang loob.

Ang manga balitang yao'y nang mabatid
nabihag ang pusò nang Haring si Clovis,
doon cay Clotildeng balita nang dikit
namahay sa pusò ang laking pag-ibig.

Di na natahimic yaong calooban
at laguing ang dibdib ay gapos nang lumbay,
dahil cay Clotildeng baca di macamtan
sa pagca at siya ay hindi binyagan.

Lalo nang lisanin ang Haring si Clovis
nang manga balita na embajadores,
parang namamalas sa caniyang titig
yaong cay Clotildeng cagandahang labis.

Uupo't titindig noo'y tututupin
saca magbubuntung hininga ng malalim,
hindi mapaghulo anhin mang isipin
ang lalong mabuting paraang gagauin.

Sa bagay na yao'y cusang namalagui
siya, sa lubos na pagdadalamhati,
ualang matutuhang lunas na ipaui
sa gayong pagsintang ikinalugami.

Caya't napilitang sumanguni siya
sa paham na Conde Aurellano baga,
pagca't sa mag-isip ay lubhang sanay na
cung caya nga yaon ang siyang pinita.

Aniya'y Conde Aurellano'y icaw
ang siya cong lubos na inaasahan,
na siyang sa akin ay tutulong bilang
sa matinding dusang aking pinapasan.

Dahil sa balitang Infanta Clotilde
na taga Borgoñang hirang na babae,
ay siya cong nasang maca-isang casi
caya isipin mong paraang mabuti.

Ito nga ang sanhing di co icaidlip
sa araw at gabi di icatahimic.
huag mong payagan di camtan nang dibdib
yaong si Clotildeng pinaca-iibig.

Sapagca't icaw ang totoong magaling
umisip nang mañga paraang gagauin,
caya ang lubos mong caya ay gugulin
sa cahirapang cong di macayang bathin.

Ano'y nang madiñgig ang sinabing ito
nang bantog na Conde na si Aurellano,
ibig na sauayin sa pagca at moro
mahirap maibig nang isang cristiano,

Ñguni't siya nama'y tantong nañgañganib
na baca ang Hari ay magdalang galit,
caya ang uinica'y iyong itahimic
Hari, ang loob mo't aco'y mag-iisip.

Upang tamuhin mo ang sa pusong nasâ
ay lilininging co ang paraang pauâ,
anang Hari nama'y icaw ang bahala't
tanang cailañgan ay nang maihanda,

Ang mahal na Conde ay napaalam na
at siya'y omuui sa tahanan niya,
inisip ang lalong paraang maganda
na macaulayaw ang bunying Infanta.

Sa gayong caniyang mañga pag-lilining
nacatuclas niyong paraang gagauin,
na icausap sa himalang ningning
caya't sa palacio'y naglacbay noon din.

Hari co aniyang macapangyarihan
aco'y mayroon nang maguiguing dahilan,
pagca't sa veinte cinco nitong buan
nang Diciembre, Pascua nang mañga binyagan.

May ugali yaong Infanta Clotilde
na maglimos siya sa mañga pulubi,
yaon ñga ang siyang panahong mabuti
na ang ating nasa'y malapit mangyari.

Ang tugon nang Hari ay iyong sabihin
cun ano ang ating cacailañganin,
na nauucol mong doon ay taglayin
sa Reynong Borgoñang iyong tutunguhin.

Tugon niyong Conde na si Aurellano
ay isang singsing po ang ipagaua mo,
na guintong dalisay saca ang retrato
mo'y siyang tampoc na ilagay dito.

Gayong cailangan ay nang maisaad
sa mahal na Haring agad na guinanap
at iba pang manga cailangang dapat
sa pagsasacdalan ng sa Haring hirap.

Tanang bagay-bagay ay nang mahanda na
tinungo nang Conde ang Reynong Borgonya
pagca't malapit nang dumating ang Pascua
niyong pangangana sa nacop sa sala.

Di lubhang nalaon yaong paglalacbay
ang Reynong Borgonya'y cusang niyapacan,
at doon naghintay na may ilang araw
nang sayang ugali nang cacristianuhan.

Niyong sumapit na ang aveinti-cinco
na capangánacan sa Divino Verbo,
na inuugali nang manga Cristiano
na puspos ang sayá sa araw na ito.

Sa gabing visperas nang nasabing Pascua
na pinangangánlang bagang Nochebuena,
doon sa Simbaha'y gagauin Misa
Infanta Clotilde'y pilit magsisimba.

Ang pag Mamaytinez ay bago iraos
sa manga pulubi siya'y maglilimos,
Conde Aurellano ay doon lumahoc
sa manga pulubi't siya'y nakiayos.

Caya't nang dumating ang bunying Infanta
na may dalang supot na pang limos, baga,
nang casalucuyang namamahagui na
nakihauay naman ang Conde pagdaca.

At noong siya na ang linilimusan
ay agad humalic sa Infantang camay,
cay Clotilde namang nahalatang tunay
na hindi pulubi siya t taong mahal.

Nagualang kibo na't nang hindi mahayag
Misa'y nang matapos ay ipinatauag,
ang Conde, at niyong dumating sa harap
malubay na galit ang ipinangusap,

¿Bakit ca gumaua (anya) nang ganito
na pinangahasang hagcan ang camay co,
ang cadahilana'y ipatalastas mo
sampon nang pangalan cun icaw ay sino.

Ang tugon nang Conde ó Infantang mahal
Aurellano po ang aking pangalan,
sinugo nang Haring sa iyo'y ialay
ang singsing na tanda nang sintang dalisa'y

Nang sa cay Clotildeng abutin nang titig
may larauang sinsing nang Haring si Clovis,
(aniya'y) paano ang aking pag-ibig
siya'y di Cristiano't di co capanalig.

Ang sa Condeng tugo'y huuag manimdim ca
cung tungcol sa gauang pagsampalataya,
tunay na hindi makikialam siya
caya nga hindi ca sucat na mangamba.

Sandaling nag-isip sa gayong sinabi
ang hiuagang gandang Infanta Clotilde,
mahinahon niyang dinidilidili
ang cahihinatnang huling pangyayari.

Tangi dito'y di co magagaua naman
ang aking sariling manga calooban,
aco'y may amaing dapat pagsabihan
lalo't sa ganitong may halagang bagay.

Tangapin mo na po ang sagot nang Conde
ang sinsing na itong tanda nang pagcasi,
at sa amain mo'y bahala na caming
na mag embahadang sa canya'y magsabi.

Mabatid ang gayon nama'y tinangap na
ang regalong sinsing nang Hari sa Francia,
ang sa Condeng uica ay ngayon (aniya)
sa Francia ay Reynang kikilalanin ca.

Sa sinabing yaon ay di umiimic
ang bunying Infanta't parang di naringig,
at ualang halaga sa caniyang isip
yaong carangalang bagay na binanguit.

Tunay na ualanguala sa loob niya
nasa'y cung sa Hari siya'y macasal na,
ay maguing binyagan ang Reyno nang Francia't
sa totoong Dios ay magsikilala.

Magandang adhicang lubos na panimdim
ni Clotilde,y di co lubhang pasayurin,
ang Condeng nagbigay nang regalong sinsing
ay napaalam nang toua ay sabihin.

Nang siya'y dumating sa Reyno ng̃ Francia
ang uica sa Hari icaw po'y magsayá,
pagca't ang larawan mo po'y tinangap na
nang pinaglacbay cong irog mong Infanta.

Lugod ay sabihin nang Haring si Clovis
ang cay Aurellanong uica'y nang madin̄ig,
at biglang napaui sa caniyang dibdib
yaong calumbayang di icatahimic.

Ipinatauag nang lahat ang guinco
sa sacop nang Corte nang caniyang Reyno,
dumating na lahat naman sa palacio
yaong tanang piling mang̃a Caballero.

Sa Haring cay Clovis nang maharap sila
(aniya) ay cayo'y caya co pinita,
gumayac ng̃ayon din cayong para-para
at mag si paroon sa Reynong Borgonya.

Ipamanhic niniyo sa cay Agabundos
na Hari, nang boong pacumbabang loob,
na marapatin nang caniyang itulot
ang Francia't Borgonya'y magcaisang lubos.

Ang lalong mabuting mang̃a pang̃ung̃usap
sa cay Agabundos ang siyang isaad
daanin sa mang̃a magandang hicayat
upang mahinahong siya ay pumayag.

Tanang cailang̃an ay iguinayac na
at nang̃agsilacad noon din pagdaca,
di lubhang nalaon ay dumating sila
sa canilang tung̃ong Reyno nang Borgonya.

Sila'y nagsipanhic sa palacio real
at nagbigay niyong boong cagalang̃an
Haring Agabundos ay gumanti naman
tuloy pinaupo silang calahatan.

Nang mang̃a liemo na'y saca inusisa
niyong paglalacbay cun anong adhica,
anang embajahada'y ang boong payapa
sa camahalan mo ang ipinag sadyá?

Ang utos sa amin nang Haring si Clovis
sa iyong sanghaya'y aming ipamanhic,
na marapatin na nang mahal mong dibdib
Francia at Borgonya naua'y magcasanib.

Maguing isang hiyas ng̃ Reyno ng̃ Francia
Infanta Clotilde ang kilanling Reyna,
sa Hari't saca sa tanang sacop niya
ay isang dakilang turing na ligaya-

Haring Agabundos ay niyong mabatyag
ang sa embajadang mang̃a pang̃ung̃usap,
(aniya'y) paano ang aking pagtangap
si Clovis, ay gentil na aking talastas.

Ang sagot nang piling mang̃a embajada
icáw po ay huag na mag-ala-ala,
cung tungcol sa gayang pagsampalataya
ay di mangyayaring sisirain niya.

Saca tang̃i dito'y ang mang̃a ligalig
nang Francia't Borgonya ay matatahimic,
at mag-iisa nang damdamin ang dibdtb
at maiilagan ang pagcacaalit.

Dirin hamac namang pang̃ang̃ahasan pa
nang cahima't sino ang Francia't Bogonya,
sa pagca at mapagtatalastas nila
na iisang loob ang Reynong dalaua.

Ani Agabundos ay mangyayari
yaong hiling niniyo na ipinag sabi,
saca di papayag yaong si Clotilde
na sa di Cristiano'y makiisang casi.

Nang sa tesorerong madinḡig ang saad
ay kinuha yaong lalagyan nang hiyas,
nang bunying Infanta't sa pagcacaharap
nang Hari, at mang̃a consejong lahat.

Cay Agabundos ng̃ang tunay na namasid
sinsing na mayroong larauan ni Clovis,
na sa cay Clotildeng inin̄gatang tikis
caya ng̃a at siya ay nag bagong isip.

(Aniya) ay yamang akin nang nanuynoy
na ang pamangking co'y maycusang pag-ayon,
aco ay uala nang masasabing tugon
cundi ang sumama siya't siyang ucol.

Ipinatauag din namang ualang liuag
ang pamangkin niya't pagdating sa harap,
ng̃ayon din (aniya) icaw ay gumayac
paroon sa Francia't tuparin ang usap.

Sa sinabing yao'y ang bunying Infanta
ay gumayac naman noon din pagdaca,
lumuhod sa harap nang amain niya't
huminĝing bendicion at napaalam na.

Cay Agabundos din na pinasamahan
sa lahat nang Dama ang pamangking hirang,
lumacad na sila na hindi naliban
at ang Reynong Francia ang pinatunĝuhan.

Nang dumating doo'y sinalubong sila
niyong buong Reyno nang dakilang sayá,
sigaw ay mabuhay mabuhay ang Reyna
na capayapaan nang Francia't Borgonya.

Ang Haring si Clovis ay sumalubong din
na caguinoohang madla ang capiling,
caya't nang makita ang himalang ningning
ang toua nang pusò ay ualang cahambing.

Niyong dumating na sa palacio real
ay saka ginanap nĝ kinabukasan
ang inuugali nilang pagcacasal
na caacbay sampon nĝ caguinoohan.

Boong Reyno nama'y nag-aalay nĝ saya
tanda niyong ganap na paggalang nila,
sa boong casulocsulucan nang Francia
ay namimintuho sa canilang Reyna.

Ang oras nĝ gabi ano'y nĝ dumating
nĝ mahihiga na Reyna'y nanalanĝin
nĝ casalucuyan nĝ pananaimtim
sa Dios, ang Hari lumapit sa siping.

Saca ang uinica'y casing minamahal
at panĝinoong cong pinaglilingcuran,
humiling nang iyong maibig na bagay
at tunay na hindi kita masusuay.

Ualang minimithi aco anang Reyna
cundi ang icaw ay sumampalataya,
sa iisang Dios na tatlong Persona
na uala sinomang lalalo pang iba.

Ang may lic-ha'y siya nitong santinacpan
at siya ang Dios na ualang capantay,
tanĝi sa tayo'y caniyang linalang
sa salang minana'y siya ang humadlang.

Tanang mañga Dioses na sinasamba mo
iya'y pauang lic-ha lamang ñg Demonio,
siyang dumadaya sa lahat ñg tao,
upang macaramay nila sa Infierno.

Sa dahilang sila ay pinarusahan
ñg Dios, at ayon sa capalaloan,
sa adhica nilang sa Dios mapantay
ang napala'y hirap magpacailan man.

Caya ñga sa iyo'y isinasamo co
na lisan ang Dioses na sinasamba mo,
at talicdan mo na iyang pagca moro
at iyong harapin ang pagkikristiano.

Pacaisipin mong tauo'y cung mamatay
sa langit, ay buhay namang ualang hangan,
ang nasa loob nang cay Cristong bacuran
at sundin ang utos, ay gloriang cacamtan.

Ñguni yaong mañga aayaw pabinyag
dasa sa Infierno'y siyang malalañgap,
at ang sa totoong Iglesia'y lumabas
ay sa Infierno ri't lalañgap ñg hirap.

Sa bagay na ito ay cung mabinyagan
icaw, at gayon din ang lahat mong caual
at sundin ang utos ñg Dios na mahal
upan ding matamó ang payapang bayan.

At ipatayo mo uling panibago
ang mañga Simbahang ipinasira mo,
at ihiñging tauad ang lahat nang ito
sa iisang Dios na Personang tatlo.

Isa pang samo co ay iyong siñgilin
ang ari ñg aking Amang guiniguiliw
sa cay Agabundos na aking amain
na siyang humatol cay Amang patain.

Ang di catuirang canyang guinaua
lubos cong sa Dios ipinabahala,
ang cay Clovis namang binigcas na uica
ang unang hiñgi mo'y mabigat na lubha.

Di ñga maaamin niyaring calooban
na ang mañga Dioses ay aking talicdan
at lubhang marami akong cautangan
na caloob niyang mañga bagay bagay.

Animo'y Dios mo ang aking sambahin
at ang mañga Dioses ay aking limutin,
ay iba nang bagay ang iyong hilingin
at tunay na hindi kita susuayin.

Cung sa ganang akin cay Clotildeng saad
ay cagalingan mo cung caya co hañgad,
ñguni't cung sa iyo ay minamabigat
tungculin co lamang na ipatalastas.

Na yaong Dios co ang siyang lumic-ha
nang lahat nang bagay maguing langit lupa
siya'y tumigil na't di na nagsalita
at ang usap nila'y napayapang cusa.

At ñg maumaga Hari ay nag-utos
sa embajadores na caniyang lingcod
na sila'y humarap sa cay Agabundos
at sabihin nila na ipagcaloob.

Ang lupa ñg Reyna at ang mga bayan
na minana bilang sa Amang namatay
at inyong hintayin yaong casagutan
cung ibibigay niya ó caya hindi man.

Mañga embajada pagdaca'y lumacad
at cay Agabundos sila ay humarap,
nang dumating doo'y ipinatalastas
ang bilin nang Haring Clovis na nag-atas.

Niyong maunaua yaong cahilingan
sa cay Agabundos namang ibinigay,
ang ucol na mana nang pamangking hirang
at ang pagtatalo'y upang mailagan.

Tanang casulata'y nang maigauad na
ay napaalam na yaong embajada,
at sila ay agad nagbalic sa Francia't
sa Haring nag-utos ibinigay nila.

Iguinauad naman nang Reynang butihin
yaong casulatan caya't nang malining,
ay napasalamat at ualang hilahil
na ibinigay nang tunay na amain.

Mañga pagsasama'y lubhang mahinusay
at nagsusunuran silang malumanay,
pañgaco ni Clovis ay guinagampanang
sa sampalataya'y di makikialam.

Cay Clotilde namang laguing hinihiling
sa Dios, cung siya ay nananalangin,
na ang calooban ay paliuanaguin
nang asaua't iuan yaong pagcahintil.

Di lubhang nalaon niyong pagsasama
ay isang lalaki yaong naguing bunga,
Hari ma'y aáyaw na binyagan niya
ay inamo rin nga nang sabing maganda.

Sa gayong caniyang manga paghicayat
ay napilitan ding Hari ay pumayag,
bininyagan na nga't ngalang itinauag
ay si Rosalino sa bugtong na Anác.

Ang toua nang Reyna ay di ano lamang
at ang hiling niya'y cusang pinayagan,
nguni't nang dumating ang icatlong araw
bata'y nagcasakit at nakitlang búhay.

Caya ang uinica nang Haring si Clovis
sa Reyna cun icaw lamang ay nakinig,
na huag binyagan at sa aking Dioses
ay iyong ialay at doon manalig.

Sangol ay di sana búhay ay nakitil
at ualang pagsalang canyang aamponin,
ang sagot nang Reyna cung sa ganang akin
ay di dinaramdam nang pusò't panimdim.

Bagcus nagpupuri't nagpapasalamat
aco, sa Dios na lumic-ha sa lahat,
na ipinagsama't cusang minarapat
sa bayang payapa nang Santos at Santas.

Yaong unang bunga nitong aking tiyan
caya nga hindi co ikinalulumbay,
at tunay na aco'y di macasusuay
sa balang caniyang maguing calooban.

Malibang panahon ay muling nagbuntis
ang Reyna Clotilde sa aua nang langit,
nguni't lalaki rin yaong sa pag-ibig
nila'y naguing bunga na aliw nang dibdib.

Hari ay ayaw ring bata'y pabinyagan
nguni at sa Reynang pinakiusapan,
caya't sa pagsamong lubhang malumanay
nang Reyna sa Hari, ay umayon naman.

Ang nasa nang Reyna ay cusang natupad
noon din ang bata'y biniyagang agad,
at Sigesmundo ang ngalang itinauag
nang Reyna Clotildeng loob na banayad.

Cun anong talaga niyong calangitan
ay nang macaraang may ilan nang araw,
na yaong Príncipeng bata'y mabinyagan
ualang ano-ano nama'y nagcaramdam.

Na paulit-ulit at di mapagaling
caya nga't ang asa ay mamamatay rin,
ang uica nang Hari sa Reynang butihin
cundangan ayaw cang makinig sa akin.

Uica co sa iyong huag mong binyagan
at baca ito rin ang siyang caratnan,
sapagca't ang gauang iya'y nalalaban
sa Dioses, cung caya kita'y sinasanay.

Pag-iya'y namatay na gaya nang una
ay lubos na icaw ang siyang maysala
dahil sa sabi cong ayaw makinig ca
ang Dioses sa iyo'y galit nang talaga.

Sa dahilang sila'y ang balang ibiguin
ualang caliuaga't mangyayaring tambing,
ang Anác mong iya'y cung ibig patain
ualang kisap matang búhay ay makitil.

Cung ibiguin niya naman ang mabuhay
mangyayari cung caniyang caloobán,
at tunay na siya ay may carapatan
caya nga dapat mong sampalatayanan.

Icaw nga sa caniya ay magmacaaua
nang upang ang galit sa iyo'y mauala,
nang iyang Anác mo'y gumaling na cusa
ang tanang biling co'y ganapin mong biglá.

Ang butihing Reyna ay di umiimic
ala-alang baca Hari ay magalit,
caya nga't sa Dios ay inahihibic
na pagalingin na ang Anác na ibig.

Upang yaong maling pagsampalataya
nang Haring si Clovis na sintang asaua,
ay di manatili nang manga pagsamba
sa manga Idolo na ualang halaga.

Gayon man ay siya'y nagdadalang tacot
sa Hari, at baca ang Anác na irog,
ay di guminhaua't búhay ay matapos
caya di mapalagay ang caniyang loob.

Yaon ang dahilang di icagupiling
at laguing sa Dios ay idinadaing,
na ipagcaloob nauang pagalingin
ang caniyang bunsong pinacaguiguiliw.

Saca sa asaua'y isinamo naman
na ipagpagaua siya nang Simbahan,
na laang caniyang pananalangĩnan
sa Dios na Amáng macapangyarihan.

Cahilingang yaon nang mahal na Reyna
ay sinunod naman nang sintang asaua,
sa dagling panaho'y nagpagaua siya
ayon sa pagtupad nang pangaco niya.

Hari palibhasa ang siyang may atas
ang nangagsigaua'y daming dili hamac,
caya't nayari rin namang ualang liuag
ang Simbahang hiling nang Reynang marilag.

Pinitang Simbaha'y sa Reynang malining
na magagaua nang doo'y manalangĩn,
isang batóng marmol ay nagpacuha rin
at ipinag-utos na pacalinisin.

At doon sa guitna'y ipinaukit niya
ang pangalan nang Vírgen Santa María,
naug mayari nama'y ipinalagay na
sa guinauang Altar na itinalaga.

Cusang pinag-ayos na pinakarikit
at madlang pamuti ang doo'y guinamit,
doon nanalangĩng taimtim sa dibdib
sa ngalan nang Vírgen matá'y nacatitig.

Nang pananagano nang mahal na Reyna
sa Dios na Poon at Vírgen María,
marami rin ngang sa caniya'y gumaya
na nagsidalangĩng nanicluhod sila.

Sa pananalangĩn nang naroong lahat
may nadinĩgig silang voces na nangusap,
na labis nang tinig at lubhang malacas
caya't silang tanan ay nacatalastas.

Niyong uicang Reyna'y natanto cong tunay
ang lahat nang iyong mañga carainñan,
cung mageristiano na ang Franciang calac-han
ay di malulubos cahit masira man.

At may binyagan ding hindi titiualag
cay Cristong bacura't hindi ñga ang lahat,
at mananatili sa tunay na landas
na cay Jesucristong dito'y itinatag.

Cung tumalicod man sa pagcabinyagan
ay ang natitira'y marami rin naman,
at ang isip nila'y maliliuanagan
niyong pagkilala sa catotohanan.

Bagaman sa Reynang voces ay naliniug
ang pananalañgin ay itinuloy rin,
malumanay niyang pinacahihiling
na ipagcaloob nauang pagalinñgin.

Yaong caramdaman nang caniyang Anác
at bigyan pa naman nang buhay at lacas,
nang hindi magalit ang Haring marilag
at sisihin siya niyong pagcabinyag.

Caniya rin naman na iniluluhog
sa di matingcalang darakilang Dios,
na yaong asaua ay magbagong loob
at cusang talicdan ang mañga Idolos.

Moli't moli niyang ipinananaing
sa Dios na Poon at sa Inang Vírgen,
diniñgig din yaong caniyang dalañgin
ang sakít nang bata ay biglang gumaling.

Lumacas at yaong cataua'y humusay
na anaki parang nagdahilan lamang,
Hari ay nagtaca sa ganoong bagay
at inaasahan na niyang mamamatay.

Caya ñga't ang toua niya'y hindi hamac
at hindi masayod ang panguiguilalas,
gayon ma'y hindi rin cusang nahicayat
ang caniyang pusong malabis nang tigas.

Tunay at lubos din yaong pananalig
sa caniyang mañga sinasambang Dioses,
at di rin nanglumay yaong batóng dibdib
doon sa malaking biyayang namasid.

Patuloy ang dating camalian niya
sa lihis na gauang pagsampalataya,
nang nananahimic ay caracaraca
ay dumating yaong sugong embajada.

Ano'y nang maharap sa Haring cay Clovis
ang canilang layon ay ipinagsulit,
anila ay cami inutusang tikis
niyong aming Haring sa tapang ay labis.

Na namamahala sa Reynong Italia
at dalauang bagay yaong hinĝi niya,
ialay nĝayon din ang Cetro't Corona
ó ang pasalual tayo't magbatalla.

Caya magnilay ca't iyong pag-isipin
ang capahamacang iyong sasapitin,
cun di ca susuco'y ang calaguim-laguim
na casacunaa'y siyang tatamuhin.

Ang sa Haring Clovis namang casagutan
ang corona't cetro'y di maiaálay,
at doon sa campo cayo ay maghintay
at lalabas caming hindi maliliban.

Napaalam na nĝa yaong embajada
anila'y maglucsa na nĝayon ang Francia,
sa buhay na manĝa mapapalamara
na manĝa-aamis sa pagbabatalla

Sila'y lumacad na't sinabi ang sagot
sa canilang Haring nagbigay nang utos,
anila'y hintayi't dito'y maglalagos
at natatalagang sila'y makihamoc.

Nang oras ding yao'y tinipon pagdaca
nang Haring si Clovis ang basallos niya,
at niyong matipo'y ipinabilang na
cay Aurellano na General baga.

Cabilanĝang lahat nang manĝa soldado'y
hustong isang daan at tatlumpong libo,
ibig ding matanto nila cung gaano
yaong cabilanĝan nang calalang dayo

Ang guinaua nama'y nagpabihag siya
nang isang soldado nang taga Italia,
na nagsisilibot sa caharian nila
at yaon ang siyang inusisa baga.

Na ang cabilangan nila'y cung gaano
na makikibaca na laang soldado,
(aniya) ay caming nangaglacbay dito'y
hustong cabilangan ay limangpung libo.

Matapos sabihin ang ganoong bagay
soldadong binihag nila'y pinaualan,
at natanto nilang cacaunti lamang
ang mangá cristiano na macacalaban.

Inilacad nangá ang canilang tropa
at sampon nang Haring Clovis ay casama,
tinungo ang lual nang mangá cabaca
at nangag-ayos na ang isa at isa.

Makita nang Hari yaong caramihan
nang soldado niyang makikipaglaban,
at yaong Cristiano ay cacaunti lamang
caya't mananalo na inaasahan.

Nagsagupa na ngá ang hucbong dalaua
at pinasimulan yaong pagbabaca,
mangá lobong gutom ang siyang capara
nang pagpapamooc nang isa at isa.

Pagcapalibhasa'y ang mangá cristiano
ay nangananalig sa totoong Dios,
na pinagtitibay sa canilang loob
caya ngá't ang tapang ay lubos na lubos.

At ang Hari nama'y nanalangíng cusa
sa Dios, at lubos na napacalinga,
at buong-buo niyang ipinaubaya
sa capangyarihan nang Amáng lumic-ha.

Hinihingi niyang bigyang calacasan
ang caniyang campon sa pakikilaban,
upang makilala ang Dios na tunay
at ang pagca moro'y canilang talicdan.

Sa di naglulubag na pagpapamooc
nang dalauang hucbong cakilakilabot.
ang calac-hang tropa'y nagcasabog-sabog
nang taga Franciang cay Clovis na sacop.

At di macasahò nang pakikilaban
at nangagagahis nang mangá binyagan,
bagaman at sila'y totoong macapal
ay lubhang marami naman ang napatay.

Nang sila ay mañgagcatiua-tiualag
doon sa canilang mañga paglalamas,
ay napilitan din na cusang tumacas
ang Haring si Clovis sa malaking sindac.

At tinuñgo niya yaong cagubatan
at doon nagtago sa tacot na taglay,
at doon na lamang niya tinatanaw
ang caniyang campong nakikipaglaban.

Saca sa malayo ay minalas niya
ang caniyang campong nakikipag-baca,
ay tunay na nañgagsisipanglumay na
at di na magauang makipaglaban pa.

Totoong marami ang mañga napatay
na pauang guinahis ñg mañga caauay.
caya't caramihan ay binibitiuan
ang mañga sandata at nagtatacbuhan.

Nang makita ninya ang ganoong ayos
ay tantong nasira ang caniyang loob,
sa cauiyang campong nagcasabogsabog
at ualang magaua nang pakikihamoc.

Dito na sinisi't cusang pinaglait
ang caniyang mañga sinasambang Dioses.
(aniya) ay sayang ñg aking malabis
na suyo sa inyo't mañga pananalig.

¿Ang capangyarihan ninyo ay nasaan
at hindi gamitin ñgayong cailañgan
ano't natitiis at binabayaan
ang mañga campong co at hindi tulungan?

Sa pakikibaca't upang di maamis
tanang vasallos co na iyo ring cabig,
saclolo mo'y ano at ikinacait
ñgayong cailañgan sa pakikicaliz.

Bakit ñgayo'y parang di mo dinaramdam
na nañgalulupig nang mga caauay,
ang cabagsican mo naman ay nasaan
at hindi gamitin sa ganitong araw.

Sayang ñg lahat cong mañga paggugugol
sa inyo't pagsambang mahabang panahon,
cung aco ay datnan pala ñg lingatong
ay di ca mangyari namang macatulong.

Nang casalucuyang siya'y nagagalit
na pinagmumura yaong mañga Dioses,
ualang ano ano ay siyang paglapit
nang ilan sa caniyang mañga Generales.

At ang uica'y Haring pañginoon namin
cung loob mo'y dinguin yaring sasabihin,
ayon sa ganitong pagcasahol natin
caya mahinahong icaw po'y malining.

Isinagot naman nang Haring si Clovis
na ang voces niya'y tantong nañgiñginig,
cun anong mabuting inyong iniisip
sabihin ñgayon di't nang aking mabatid.

Cay Aurellanong uica ay dahilan
sa napagsasapit nang iyo pong caual,
ualang calahati ang mañga binyaga'y
cung bakit sila pa ang nagtatagumpay.

Tanang Dioses natin cung sila'y may lacas
at capangyarihang magagauang dapat,
ay di babayaan niyang mapahamac
ang caniyang campon sa pakikilamas.

Pagcapalibhasa'y ualang cabuluha't
di gaya ñg Dios ñg mañga binyagan,
cung sila'y may ganap na capangyarihan
panahon na'y bakit hindi saclolohan.

Caya ang laon nang ipinagsasabi
sa iyo, ñg aming Reynang si Clotilde,
ay siyang sambahi't doon mamarati
at siyang sa atin ay magcacandili.

At tunay ñgang siyang Dios na totoo
yaong sinasamba nang mga Cristiano,
siyang sa canila ay sumasaclolo
caya ñga ang hiling ñg Reyna'y sundin mo.

Siya ang lubos mong sampalatayanan
ñg taos sa puso at siyang tauagan,
at nang upang ating camtan ang tagumpay
sa ang campon mo po'y bigyang catapañgan.

Matapos ang gayong mañga pañgunguusap
ang ulo nang Hari tambing itinaas,
mañga vasallos niya ay cusang namalas
na nagtatacbuha't ang tuñgo'y sa gubat.

Ipinagtatapon ang mañga sandata
at nag-uunuhang mañgagtago sila,
sapagca't maraming nañgapapatay na
na nalulugami sa pakikibaca.

Caya ñga ang luha niya ay dumaloy
sa pagcapahamac nang caniyang campon,
pinasimulan na ang mañga pagtaghoy
at pamimintuho sa Dios na Poon.

Mataimtim niya na sinasamahan
nang sampalatayang totoong matibay,
na taos sa pusò niya't calooban
gayari ang uicang mañga sinasaysay.

¡O Pañginoon co aniyang Jesucristo
na Anác nang isang Dios na totoo,
icaw ang sinasampalatayanan co
at lubos ang aking pag-asa sa iyo.

Icaw ang madalas sa aking iaral
nang aking asauang tunay na binyagan,
cung nang una kita y tinanguihan man
ñgayon ang Dios co'y uala cundi icaw.

Lubos na lubos ñgang umaasa aco
sa mahal mong aua't tunay na saclolo,
yamang ang sinomang paampon sa iyo
sa casacunaa'y itinatangol mo.

Caya sumasamong lauitan mong habag
acong lumulunñgoy sa mahal mong harap,
yayamang sa mañga pañganib at sindac.
capangyarihan mo'y siyang nagliligtas.

Liñgapin mo na po't iyong isangalang
sa hucbong mabañgis na aming caauay,
taos sa pusò co na inaasahan
ang mahal mong graciang aming macacamtan.

Mabalino ca po't iyong timauain
aug napipipilang calagayan namin,
yamang sa dunong mo'y ang balang ibiguin
ualang caliuaga't mangyayaring tambing.

Pahayag nang aking asaua ay gayon
caya ñga sa iyo'y humihiñging tulong,
na iligtas mo po't huag ding masahol
sa mañga cabacang mahiguit sa leon.

At ang cabagsican ay magsipang-lumay
niyong mababangis na aming caauay,
at tunay pong aco ay magbibinyagan
sampon nang lahat cong nangasasacupan.

Ualang salang sila'y patatangaping co
nang tubig na mahal nang Santo Bautismo
matibay na aking pangaco sa iyo
caya po iligtas sa sacunang ito.

Lahat ng anito'y aking tatalicdan
at ang manga Dioses ay gayon din naman,
at uaualin co na silang cabuluha't
ang sasambahing co'y uala cundi icaw.

Ipaguiguiba co ang lahat nang Templo
at manga mezquita ng tanang Idolo,
sa buong cahariang nasasacupang co
sampong Altar nila'y gagauing cong abó.

Saca ang canilang lahat na larawan
ipamumunglay cong ualang caliuagan,
ualang ititira ni cahit isa man
at magbabago na acong calooban.

Matapos ang gayong manga panalangin
ang vasallo niya'y muling tinanaw rin,
ay nakita niyang nangagsipagtiguil
ang manga cristiano't tapang ay nagmaliw.

At uala mang utos yaong puno nila
ay nangagsiurong silang parapara
sa tayo ng dating calagayan nila
niyong pasimulan ang pagbabatalla.

Makita ni Clovis yaong pagcabigla
nang sa Dios bagang manga pagcaaua
lalo nang nalubos ang paniniuala
sa capangyarihan nang Amang lumic-ha.

Cusang nanaimtim na nga sa puso niya
yaong matibay na pagsampalataya,
na tutupdin niya na ualang pagsala
ang manga pangaco na di mag-iiba.

Tanang vasallos niya'y tinipong madali
at sa caharian sila'y nagsioui
marami mang búhay yaong nalugami
gnuni't ang nanalo'y sila rin sa uri.

Nang sila'y dumating sa Reyno nğ Francia
ay agad sinabi sa sintang asaua,
malabis ang toua nang mahal na Reyna
sa himalang yaon nğ Dios na Amá.

Lalo nang sabihing siya ay tatanggap
nang Santo Bautismo't cusang pagbibinyag,
caya't sa Borgoña'y agad nagpatauag
nğ isang Obispong cabanala'y ganap.

Di lubhang nalao'y dumating sa Francia
banal na Obispo na si Rami baga,
niyong maharap na sa mahal na Reyna
boong cagalacang nanğagbati sila.

Ang uica nğ Reyna sa Obispong mahal
ang Hari po'y iyo nğayong panğaralan,
na ipakilala ang Dios na tunay
sapagca't tatangap nang pagcabinyagan.

Kinacailanğan mo pong ipatalos
ang manğa tadhana at utos nang Dios,
at sa puso niya'y ikinintal na lubos
yaong sa cristianong manğa sinusunod.

Sa Obispo namang sinunod pagdaca
tanang cahilinğan nang mahal na Reyna
at mahinahong pinanğaralan niya
ang mahal na Hari nang yamang maganda.

Ipinatalastas yaong bagay-bagay
na dapat asalin nang cristianong tunay.
at ang isang Dios na ualang capantay
na lumic-ha nitong boong santinacpan.

At bagaman turing na tatlong Persona
ay ang pagca Dios nila ay iisa,
ualang huli't una naman sa canila
at saca uala rin macapapantay pa.

Siya nğa ang Hari nang lupa at langit
na sa carununğa'y ualang cahulilip,
siya ring sumacop sa guinauang lihis
ni Ada't ni Evang naraya ang isip.

Uala ring gagauing maliuag na bagay
sa caniya't yari balang maibigan,
siyang nagbibigay nang caparusahan
nang sa manğa utos niya'y sumusuay.

At ang gumaganti naman ay siya rin
nang langit, sa manga may gauang magaling
sa caniya nama'y ualang nalilihim
maguing gaua't uica't iniisip natin.

Nang talos ng lahat ng Haring marangal
ang bagay na dapat sampalatayanan,
uica ng Obispo'y iutos mo naman
na magpatayo ca nang manga Simbahan.

Sa boong cahariang nangasasacop mo
baua't isa'y lagyan niyong Bautisterio
na pagbibinyagang laan sa cristiano't
siyang cailangan ang bagay na ito.

Tuloy mo rin namang palagyan ng Altar
ang ipatatayong lahat nang Simbahan,
doon sasambahin nang boong pag-galang
ang Dios na Amang macapangyarihan.

Palagyan mo namang larauan ang lahat
nang cagalang-galang na Santa Trinidad,
na sila ay tatlo sa pagca Personas
at sa pagca Dios ay iisang ganap.

Nang araw ring yao'y nagpatauag naman
nang magsisigaua nang manga Simbahan.
at nang dumating na uica'y pasimulan
ang Simbaha'y gaui't aking cailangan.

Cayo ay humanap ng maraming tao
sa dagling panahon ay yariin ninyo,
at cung matapos na ang hiling cong ito
sa lahat nang baya'y magtatayo cayo,

Ang gagauin ninyo ay pacatibayin
at lalong maganda na pacarikitin
at saca ang Altar naman ay gayon din
at doon ang lahat ay mananalangin.

Cahi't bayang lalong na sa cabunducan
ay tatayuan din nang mga Simbahan,
at tayong lahat ay mangagbibinyagan
at ang pagca gentil ay ating iiuan.

Sapagca't cung hindi sa totoong Dios
aco, dumalangin nang buong pagluhog,
nalipol marahil ang tanang soldados
at ang ating Reyno ay naguing busabos,

Gayong pagtauag co sa ating Dioses
nang ang ating hucbo ay nasa pangánib,
ang mangá cristiano'y lalong bumabangís
at hindi maglubay nang pamimiyapis.

Nang ang tauaguing co'y Dios nang binyagan
ay biglang humupa yaong catapangán,
nang manga cristiano't agad tiniguilan
ang marahas nila na mangá pagpatay.

Doong co natantong pauang sinungáling
ang mangá Idolong sinasamba natin,
caya mula ngáyo'y ating lilisani't
Dios nang cristianong ating sasambahin.

Tanang inutusa'y agad nagsilacad
hiling na Simbahan ay guinauang agad.
ang Haring si Clovis ay moling nag-atas
noon din sa mangá campon niyang lahat.

Na huag maliban at sunuguing pilit
ang Templo't mezkita nang lahat nang Dioses,
at tanang Idolo't tadhanang mahigpit
magpahangang bundoc ay pugnauing tikis.

Pagcapalibhasa'y Hari ang nag-utos
tanang inutusa'y agad nagsisunod.
ang mangá Dioses at Templo'y sinunog
sa lahat nang lupang cay Clovis na sacop.

Saca nang mayari naman ang Simbahan
ang Haring si Clovis doon ay naglacbay,
casama ang lahat nang caguinoohan
at siya'y tumangap nang pagcabinyagan.

Obispong S. Rami ang siyang buminyag
sa mahal na Haring nagtamo nang palad,
at si Clodoveo ngálang itinauag
nang pagca cristianong caniyang tinangap.

At nang papahiran nang mahal na crisma
na ayon sa utos nang Santa Iglecia,
ay isang himala ang nakita nilang
biyayang caloob nang Dios na Amá.

Isang calapating sa langit nagmula
na sacdal nang puti na catua-tua,
na sa loob niyong Simbahan bumaba
at isang redomo ang taglay sa tuca.

Na punó nang lana, ó crisma ang tauag
na pauang nakita nang naroong lahat,
sa loob nang Templo, caya't natalastas
ang himalang yaong canilang namalas.

Siyang ipinahid nang buhying Obispo
sa mahal na Hari na si Clodoveo,
ang crismang sa langit nagmulang totoo
na padala niyong Amang masaclolo.

Ano pa't nabantog sa boong caharian
ang himalang yaon nang Dios na mahal,
na kilala nila ang capangyarihan
nang tunay na Dios na ualang capantay.

Caya ngā't ang tanang guinoo sa Francia
pinagcayariang sang-usapan nila,
ang balang mag Hari na sinoman siya
siyang gagamitin ang himalang crisma.

Mula noo'y siyang naguing calacaran
na sa maghahari gagamitin lamang,
yaong ngā ang siyang pinagcaratihan
mula pa sa unang nayaring usapan.

Caya't magpangayon ay naroron pa
redomang sa langit ay nangaling bagá,
na kinalalagyan nang mahal na lana
doon cay S. Raming Simbahang talaga.

Ang mahal na Hari ay nang mabinyagan
yaong boong Reyno'y isinunod naman,
ipinaunauang lubhang malumanay
ang mangā biyaya niyong calangitan.

Doon sa pagtangap nang agua Bautismo
na caugalian nang mangā cristiano,
na ang pagbibinyag ang tandang totoo
na nasa loob nang bacuran ni Cristo.

Siyang pumapaui niyong casalanan
na mana sa Nunong cay Eva't cay Adan,
at ipagtatamo niyong calangitan
na cung baga banal na sila'y mamatay.

Gayon din ang madlang utos na susundin
at ang cababaang loob na gagauin,
na nauucol ngang dapat ugaliin
at ang mangā kilos na sucat asalin.

Dapat naman nilang paingat-ingatan
ang ayos at bucang bibig na mahalay,
at yaon ang siyang kinasusuklaman
ng Dios na ualang hangang carunungan.

Cailangang sundin ng manga cristiano
ang aral na lagda ng Poong si Cristo,
nang panahong siya'y dirito sa Mundo
na magagaling na capalarang nalo.

Ang pagcacasala'y ating catacutan
at di nating talos yaong camatayan,
cung tayo ay datning na sa salang mortal
hirap sa Infierno ang pilit cacamtan.

Cung culanging palad na doon mabulid
ay ano pa caya ang mapagsasapit,
gaanomang gauing-sisi at pagtangis
ay uala nang daang doo'y macaalis

Haring Clodoveo ay nang binyagan na
at maguing cristiano yaong boong Francia,
doon nila lubos na napagkilala
ang manga ugali't kilos na maganda.

Doon din nga naman nila nasunduan
ang tunay na landas nang capayapaan,
at sila ay tambing namang kinasihan
ng gracia nang Dios na Poong Maycapal.

Sampong manga bata'y guinising ang loob
pagdaca sa gauang umibig sa Dios,
cung matutuhan na'y saca isusunod
yaong paghahanap buhay na maayos.

Hindi nagnanasa sila niyong pilac
na ang pagmumulan ay masamang hangap,
at kinikilalang sa Dios ay labag
ang ganoong gauang di carapatdapat.

Di masayod yaong canilang catuaan
sa pagsusunurang lubhang malumanay,
at ang mapayapa nilang pamumuhay
sa pagca-cristiano'y cusang nasumpungan.

Nacaaakit pang lalo sa canila
ay ang cahinhinan ng mahal na Reyna,
at ang cabaitan nilang nakikita
ang siyang totoong nacaliligaya.

Gayon din ang Hari na si Clodoveo
na naguing uliran ñg lahat ñg tao,
sa binilóg bilog nang canyang Reyno
yaong cabutihang loob na totoo.

Iisang caniyang palagay sa madla
maguing sa mayaman at sa lalong duc-ha,
sa mañga may dañgal maguing sa timaua
ay uala isa mang turing na inaba.

Sabihin ang toua nang lahat nang sacop
sa cay Clodoveong magandang pasunod,
caya ñga't ang Francia'y totoong na bantog
niyong cabaitan umibig sa Dios.

Ang Hari't ang Reyna'y nagcaisang tunay
nang canilang taglay na caugalian,
at cung mag-utos man sila'y malumanay
sa lahat nang campong nañgasasacupan.

Mulang yaong Francia ay maguing cristiano
ay naguing kilabot niyong mañga moro,
at cusang natanyag ang pagca-guerrero
lalo nang mag Hari ay si Carlomagno.

At si Clodoveo'y nang tumanda na siya
ang corona't cetro ay isinalin na,
doon ñga sa Anác niyang sinisinta
na bunying Príncipe Sigesmundo baga.

Haring Sigesmundo'y namahala naman
na lubhang maayos sa nasasacupan,
at isa ring tañgi na kinaguiliuan
nang lahat nang caniyang pinaghaharian.

Naguing Anác niyong Haring Sigesmundo'y
dalauang lalaking una'y Hilderico,
at ang icalaua'y Principe Pepino
na sila sa Francia'y bilang heredero.

Haring Sigesmundo ay niyong mamatay
si Hildericos ang humalili naman,
na ang Haring ito ay totoong banal
at sa Mundo'y hindi nahilig na tunay.

Caya hindi niya macalinñgang lubos
ang Reyno, at ualang laguing na sa loob
cundi ang dalisay niyang paglilingcod
sa di matingcalang darakilang Dios.

At nang manatili sa bagay na ito
ay pumasoc tuloy na mag Religioso,
at cusang linisan ang bagay sa Mundo
daang pa sa langit ang siyang tinungo.

Yaong paghahari ay cusang linisan
nang mapanibulos yaong calooban,
nang pananagano sa Dios na tunay
na may lic-ha nitong buong sangtinacpan.

At alam nga niyang ang lahat nang tao
ay ualang pagsalang iiuan ang Mundo,
ang dangal at yama'y cahima't gaano
liisani't pauang catulad ay asó.

Capagbinaui na ang búhay na hiram
nang Dios na Amáng tunay na lumalang,
ang cahima't sinong ualang cabanalan
hirap sa Infierno ang cahahanganan.

Lahat namang yaon palibhasa'y talos
nang banal na Hari na si Hildericos,
caya nga't uinalang bahala sa loob
yaong pagca Hari't sa religio'y nasoc.

Upang ang pusò niya ay huag malibang
sa handog nang Mundong malicmatang layaw,
ay cusang lumigpit at nang masunduan
yaong ualang hanga na caligayahan.

Matanto nang tanang manga consejeros
yaong guinaua nang Haring Hildericos,
sila'y nagcatipo't nag-usap na lubos
nang dapat mag-Hari sa Reyno't mag-ayos.

Pinagca-isahan nang manga consejo
na mag Hari yaong Príncipe Pepino,
at ang casipaga'y ganap na totoo
sa pamamahala nang tungcol sa Reyno.

At sagana naman cung sa catapangan
caya't siya nilang pinagcaisahan,
nang magca-ayos na sa gayong usapan
sa Papa'y inisip na magbigay alam.

Caya't naghalal nang embajada't agad
na pinaparoon sa Papa Zacarias,
at ipinasabi cun alin ang dapat
na maghari bagang sa Reyno'y maghauac. 5

Na cung ang may tapang at cáyang sagana
at may tanging sipag sa pangangasiwa,
nang Reyno, at ganap sa pagcacalinga
at di nagtataglay nang pagpapabaya.

Oh, ang isang Hariug na sa loob lamang
yaong pagca-Hari't ang nasasacupan.
ay di calingai't pinababayaan
ayon sa pag-gaua niyong cabanalan.

Lumacad noon din yaong embajada
at agad humarap sa mahal na Papa,
at sinabi yaong utos sa caniya
na cung nararapat ang gagauin nila.

Na ang Hari nila na si Hildericos
sa pananalangin ay hilig ang loob,
lagui nang ang pusò lamang ay sa Dios
ano pa't ang Reyno'y hindi maiayos.

Caya't ilinagay nang manga consejo
na Hari ay yaong Príncipe Pepino,
at may sadyang tapang ang Príncipe ito
at masipag namang mag-ayos nang Reyno.

Yamang capua rin heredero sila
nang corona't cetro nang Reyno nang Francia,
caya ang consejo'y pauang nagcaisang
Príncipe Pepino'y siyang magcorona.

Matanto nang Papa ang ganoong saad
napaayon nama't cusang minarapat,
ang mapag-alaga aniya't masicap
sa Reyno, ang siyang ucol na maghamac.

At ang gumaganap nang pagca-justicia.
at sa nasasacop ay macalinga pa,
yaon nga ang siyang tunay na maganda
na mag-Hari't siyang lubos na may caya.

Matanto ang gayong manga casagutan
nang Papa, ay agad namang napaalam,
yaong embajada't nang siya'y dumatal
sa Francia'y sinabi yaong casagutan.

Pasiya nang Papa ay nang matalastas
ang manga consejo tua'y dili hamac.
magmula na noo'y ang Haring natanyag
Principe Pepino na may cayang ganap.

At canilang lubos na napagunaua
ang sa cay Salomong mañga sinalita,
na ang isang Haring mapagpaubaya
ay matatamarin ang sacop na madla.

Mabuti ang isang Principeng masipag
na sa caharia'y marunong luminĝap,
laguing naguiguising ang pusò nang lahat
at cung cailanga'y madaling igayac.

Pinahiran na nĝa nĝ mahal na crisma
na galing sa langĝit na nasa redoma
nang bumying Obispong S. Esteban bagá't
ang boong caharian naman ay nagsaya.

At mula na noo'y pinagcayariang
ang Hari sa Francia ay manamanahan
at tungcol babaye ay huag payagan
na siyang mag-Hari cahima't caylan

Cahit sinong puno sa ibang lupain
huag naman nilang papanĝinoonin,
ang gayong usapa'y guinananap na tambing
pasiya nĝ lahat na siyang susundin.

Ang Haring Pepino'y nag-asaua naman
sa cay Reyna Berta na dugo ring mahal.
Anác nĝ dakila na si Herlin Cesar
sa manga romanong bilang caauaan.

Haring si Pepino Anác ay dalaua
na si Carlomagno ang pañganay niya,
at ang icalaua'y Princesa Lamberta
na sulang maningning nĝ Amá at Iná

Niyong tumanda na ang Haring Pepino
nahalili naman ay si Carlomagno,
siya nĝa ang naguing kilabot nĝ turco
at si catapañga'y nabantog sa Mundo.

Ang uica ni Turping Arzobispong banal
na cay Carlomagnong laguing caalacbay,
ang siyang sumulat niyong casaysayan
nĝ cay Carlomagnong laki't cataasan.

Catauan ay timbang at ayos na ayos
na cung pagmalasin ay nacalulugod
ang laki at taas at bayaning kilos
mamamangha cahit sino mang manood.

Labintatlong dangcal lagay nǧ taas
at tatlong dangcal ang lapad nǧ balicat
at tatlo pang punto, at nacagugulat
cung siya'y tuminǧing may galit na hamac.

At dalauang terciang lapad nǧ balacang
ang binti at brazo ay timbang na timbang.
cung cumain nama'y macalaua lamang
sa maghapo't siyang naguing cagauian.

Di lubhang marami cung cumain siya
nang tinapay, nǧuni't sa ulam na tupa,
icapat na bahaguing nacacain niya
cung inahing manoc naman ay dalaua.

Calacasan niya ay cagulat-gulat
cung nasa cabayo ay nacabubuhat,
niyong isang taong may sandatang sangcap
isang camay lamang ay na itataas

Nang lampas sa ulo caya't sa batalla
totoong maraming guinagahis siya,
cung humatol nama'y nacaliligaya
at di cumikiling sa isa at isa

Ualang inaapi na cahit sinoman
lubhang maauai't malimusing tunay.
cung siya'y mag-utos naman ay malulay
at di nabubuyo sa di catuiran.

At ang isip niya ay totoong pantas
lalo na cung siya'y nakikipag-usap,
at tunay na dinidinǧig niyang banayad
nang upang hinahong caniyang matatap.

Bago sumasagot ay pinagliliip
upang di masaui siya sa matuid,
caya hindi hamac siyang nabubulid
sa banǧin nang cutya na icalalait.

Si Carlomagno rin nama'y nag-asaua
doon sa Princesa na si Verenisa,
Anác nang guinoong Orondatis bagá
na isang dakilang taga Capadocia.

At si Carlomagno'y nag-anác nang anim
tatlo ang babaye't lalaki tatlo rin,
ang manǧa panǧala,y na inyong malining
ay isa-isa co na sa salaysayin.

Príncipe Pepino ngálan nang panganay
at Príncipe Luis icalaua bilang,
na siyang nag-impoc niyong cabanalan
cay't si S. Luis de Franciang natanghal.

Infante Carloto ang icatlo bagá
ang ica-apat ay Princesa María,
icalima'y yaong Princesa Rolana
at si Jenaponte ang bunsong Infanta.

Pinaturuan din yaong manga Anác
nang pauanandata't nang dunong na ganap.
mahigpit na iniaaral na mag-ngát
sa pag-oosioso't lubos na mangilag.

Cung siya ay ualang bagay na tungculin
librong cabanala'y siyang babasahin,
ó luluhod caya at mananalangin
ang pagdedevocio'y siyang uunahin.

Mahiguit ang caniyang pag-aala-ala
sa nangagdurusang manga caloloua.
sa purgatorio't hinihiling niyang
sila'y macaalis sa ganoong dusa.

Kinucunan niyang halimbaua bilang
ang cay S. Pablong lagdang casulatan,
na sa Epistola'y doon sinasaysay
ang ganitong uicang nangapapalaman.

Balang araw aniya'y ang campon nang Dios
cusang pupucauin ang canilang loob,
na manaca-naca at upang iluhog
ang sa purgatorio'y nagdurusang lubos.

At gumagaua nang gauang cagalingan
nang upang malayo sa tucsong caauay,
na humihicayat sa capahamacan
nang tayo'y mahulog sa canilang camay.

Sa Reynong Akisgran at sa Alemania
ay nagpatayo siya niyong tigalaua,
na manga Simbahan, at tigalaua pa
ang ipinagauang manga Beateria.

Na pinacainam ang Simbahang ito
niyong pagcayari sampon nang Convento,
ipinagcaloob sa cay S. Benito
niyong Emperador na si Carlomagno.

At ipinatungcol yaong Beateria
sa capurihan nga nang dalauang Santa.
ang isa ay sa cay Santa Catalina
at saca cay Santa Potencianang isa.

Hustong-hustong lahat yaong cagayacan
may Altar at sarisaring casangcapan
pauang mangga pilac at ang guintong lantay
ang caliz at cupon at ang Bril naman.

Bordado nang guinto ang sa Paring damit
na ang pagca-ayos ay pinacarikit,
anopa at cahit sino mang magmasid
ay uala nang pintas na maisusulit.

Ang Simbahang yaon nama'y inialay
sa Vírgen Maríang mangga capurihan,
baua't isa nama'y caniyang binigyan
nang haciendang siyang gugugulin bilang

Nang si Carlomagno'y macatalastas na
niyong carununggang mangga iba't iba,
macaitlo namang dumadalaw siya
sa maghapon, doon sa Simbahang sadya.

Cung Domingo't fiestang pangilin ay lahat
nang caniyang sacop ay pinatutupad,
tuloy naglilimos sa nangasasalat
nang sa cabuhayan nila'y nararapat.

Lalong lalo nangga ang mangga Simbahan
na duc-ha at ualang sucat na pagcunan,
binibigyan niya nang malaking yaman
at tungcol sa Dios ang ganoong bagay.

Sa bayang Cristiano cahit hindi sacop
ay caniyang pinadadalhan din nang limos,
maguing sa caniyang tunay na vasallos
ang saclolo niya ay di nalilimot.

At sa taón-taó'y nagpapadala rin
nang limos sa Reyno niyong Jerusalem,
at sa iba't ibang Reyno ay gayon din
taglay nang caniyang pagcama-auain.

Sa nangasasalat na ualang pagcunan
ay namamahagui niyong cayamanan,
sa tanghali't siya'y cung cacain naman
binabasahan nang librong cabanalan.

May lector na yaon ang sadyang tungculing
siyang bumabasa capagcumacain,
at ang adhica niya'y dapat na busuguin
nang gracia, ang mañga caloloua natin.

Cung binubusog man natin ang catauan
nang mañga pagcaing sari-saring bagay,
caloloua'y dapat na pacanin naman
niyong masaganang gauang catanalan.

Kinauiuilihang basahing parati
ay yaong librong Divicitate Dei,
sinisira niya ang tulog sa gabi
at sa pagcahimbing ay di nauiuili.

At sa isang tao'y macalaua bilang
ang virey niya na inuutusan,
na magsisiyasa't sa nasasacupang
provincia't Ciudades Villa't mañga bayan.

Sa lahat nang puerto, ay inuusisa
ang tungculin nila sa pag-aalaga,
at cung ginagaua ang pañgañgasiua
nang pagca-justicia sa sacop na madla.

Cundi gumagaua nang mañga pag-api
sa hamac, ó maguing sauing malaki,
ang pagpapalagay nila'y cung mabuti
cung isa ang tingin sa guino't imbi.

At yaong paghatol ay cung nababagay
sa hustong matouid at di nasisinsay,
sapagca't maraming iba ang palagay
sa canilang mañga pinagpupunuan.

Cay Vayceto namang mañga pañgungusap
aniya'y maraming aliping pañgahas,
sa pañginoon nga't sa hindi pag-ganap
niyong catuiran at nañgalilimsad.

Nang sa cay Aáron namang maunang
ang Hari sa Franaia sa ganoong gaua,
na si Carlomagno'y nalugod na cusa
sa camahalan at bait na sagana.

Isang Elefante nagpadala ito
na mayhilang isa na carrong dorado,
na ang lula'y bangcay ni S. Cipriano
at ni Espiratus na isa ring Santo.

Saca yaong ulo ni S. Pantaleon
tanda nang pag-ibig niyang mahinahon,
saca cay Carlomagno, mula nang manoynoy
ang magandang gauang sa Dios ay ucol.

Nang cay Carlomagnong regalo'y matangap
malaki ang toua at pasasalamat,
sampon nang nagdala'y lubos na liningap
at minahal niya nang sa puso'y tapat.

Iguinalang nanga ang manga catauan
niyong manga Santong sa Dios na hirang,
at ipinalagay doon sa Simbahan
at maraming taong nag-devocion naman.

Si Carlomagno nga'y mulang putungan siya
niyong corona Imperial sa Roma,
noo'y linooban naman ang Patriarca
sa Jerusalem nang manga turco baga.

Totoong marami ang manga cristiano
na pinagpapatay niyong manga turco,
caya't sumanguni sa bagay na ito
siya sa matandang manga Caballero.

Nang tungcol sa guerra ay naca-aalam
niyong sari-saring bagay na paraan,
iba sa canila'y cahit masira man
ang dangal ay tacot na sila'y mapatay.

Caya't ang uinica'y makipagyari na
sa manga turco at mangaco na sila,
nang anomang bagay at nang di muli pa
na sila'y patayi't yaon ang pangamba.

Anopa't noon din ay sila'y nag-atas
niyong embajadang makikipag-usap,
tanang sasabihin ay nang maisaad
yaong inutusan pagdaca'y lumacad.

Sugong embajada ay nang ipamalay
ang hiling na yaon ay ang casagutan,
ang Ciudad na yaon ay canilang iuan
at sampon nang lahat na ariarian.

Tanang casangcapan at manga sandata
gayon din ang lahat na manga hacienda,
ang bagay na yao'y ng matanto nila
nangagsang-usapan sila capagdaca.

Na sila'y huminĝi nang araw na taning
na malaon-laon nĝuni't di pinansin,
niyong manĝa turco, caya nĝa't uala ring
makitang paraang huag mahilahil.

Gayon ma'y sa aua nang Dios na Amá
at sa tulong nang mahal na gracia niya,
nasoc sa canilang manĝa ala-ala
ang cay Carlomagnong loob na maganda.

Sampon pa nang taglay na cabayanihan
at yaong loob niyang cabutiha'y sacdal,
ang caniyang pagcamaauaing tunay
sa nangasasahol na cahit sinoman.

Ang guinaua nila sa bagay na ito
ay ang manĝa susi nang Sto. Sepulcro,
ay ipinadala sa cay Carlomagno
sampong estandarte nang nubos sa tao.

Pumanaw noon din yaong embajada
at cusang tinungo ang Imperiong Roma,
sumulat din naman yaong Patriarca
at cay Constantino ay ipinadala,

Sa Constantinopla, nĝuni't hindi ito
yaong Emperador na si Constantino,
na humanap bagá nang Cruz ni Cristo
na ipinanglunas sa sala nang tao.

Yaong casabihang Constantinong yaon
Anác ni Constanciong bunying Emperador,
at nang Emperatriz Elenang gumugol
nang pagal at yamang hindi sasangayon.

Ang sa Patriarcang sinulatang ito
bilang pangalauang Haring Constantino,
ang pinagsabiha't hininĝang saclolo
nang gagauin niyang munacalang bago.

Nang cay Constantinong tanga pin ang sulat
at ang nalalama'y pauang matalastas,
ay noon din nama'y inutusang agad
ang Príncipe Leon na caniyang Anác.

Pinasamahang cay Juan de Napoles
at saca sa nagnĝangalan pang si David,
dalaua pa ring Hebreong casanib
Samuel Isaac sa historiang sulit.

Sila ang piniling mangga embajada
sa cay Carlomagno sa Imperiong Roma,
na may dalang sulat na nilagdang sadya
niyong Emperador Constantino bagá.

Calakip din yaong sa Patriarcang liham
tangi sa titic niyang gayari ang saysay
cagabi aniya'y napakitang tunay
sa akin, ang isang babaying marangal

Na ang carikita'y caguilaguilalas
uica'y Constantino'y ang laguing pagtauag,
at iyong pagsamo sa Dios na uagas
na icaw ay bigyan nang tapang at lacas.

Sa cuhilang turco ng pakikilaban
na doon sa tierra Santa'y nagtatangan,
sa ivong malaking nasa'y cailangan
na si Carlomagno ay macaalacbay.

Itinuro yaong Caballerong isa
na butihi't lubhang malaking halaga,
ang gayac, at yaong sibat at espada'y
apoy ang sa talim ay nagsisibuga.

Na tumitilamsic ang tapon ng ningas
ang muc-ha'y maganda't gayon din ang ticas
bulagáw ang matá't mahaba ang balbas
buhoc ay bago pang may puting mamalas.

Caya Emperador huag pong hindi ca
sa lacad na ito'y mangyaring sumama,
sumunod sa utos nang Dios na isa't
magpasalamat sa iyong caloloua.

Sa pagca-justicia'y ng huag masinsay
gaya nang balitang mangga cabutihan,
na guinagaua mong malaon nang araw
sa mangga sacop mo't maguing sa hindi man.

Ipinalagay ca niyong Poong Dios
na sa cagalingang gaua ay mauulos,
ng cay Carlomagnong sulat ay matalos
ang luha sa matá pagdaca'y umanod.

Sapagca't ang Santo Sepulcrong mahal
ay nasa sa camay ng hindi binyagan.
nang oras ding yaon ay nag-utos naman
doon sa cay Turping Arzobispong hirang.

Na sa caharia'y iaral na tikis
ang gayong balita na cahapis-hapis
sa bagay na yaon ay nang matigatig
ang loob nang tao't maguising ang isip.

Guinanap ding agad niyong Arzobispo
na ipinañgaral doon sa Imperio,
maraming nagniñgas na loob nang tao
na nagsipagdamdam sa bagay na ito.

Caya ñga at noong hucbo ay ilacad
maraming sumama na nañgahicayat,
at nañgagsitapang na di hamac-hamac
at nagcusang loob nang pakikilamas.

At niyong ilacad yaong ejército
ang punong general ay si Carlomagno,
maraming casamang Hari't Caballero
Duke, Conde't Markes at ibang guinoo.

Minagaling nilang tikis na panauan
ang asaua't Anác ari't cayamanan,
sa malaking nasa nilang isangalang
yaong tierra Santa na linapastañgan.

Yumao na silang tinauid ang dagat
nang magsiahon na'y parang ang tinahac,
at ang cagubatan nang Tarquiang malauac
nang mañga bayaning pauang nagagalac.

Sapagca't nang bagong lalacad ang tropa
ay si Carlomagno'y nagpahayag muna,
nang pakikilaban na gagauin nila
nang upang hinahong camtan ang victoria.

Dahil sa magandang gagauing paraan
mañga loob nila'y sumigla't tumapang,
ñguni at nagdamdam silang cahirapan
nang tahakin nila yaong caparañgan.

Na may habang mañga labinlimang legua
at may sampong leguas naman yaong lapad,
mahiguit na dalauang oras na linacad
at dalauang gabi bago nacalampas.

At ang nasumpong pa'y leong caramihan
mañga tigre't oso. lobo at halimaw,
sa canilang hucbo ay siyang nagbigay
nang lubhang maraming mañga casamaan.

Lalo na sa gabing canilang pag-idlip
doon nangyayari ang lalong panganib,
dahilan sa gaua niyong mababangis
na hayop, na ualang auang magpasákit.

Tangi pa sa roo'y ang pighati nila
doon sa paglacad ay nang maligaw na,
bakit sa pagcain nila'y kinapos pa
saca manga pagal curg caya nangamba.

Manga loob nila'y lubos na namanglaw
nang sila'y gabihin sa nasabing parang,
sa di pagcataho nang pagdaraanan
dahil sa nangyari nilang na pagcapaligaw.

Sa cay Carlomagnong ipinatugtog na
ang guinbal, na tanda nang pagpapahinga,
at ipinag-utos na lumagay sila
sa libis· ó bangi't magbantay ang iba.

Yaong manga hindi lubhang napapagod
at siyang magtangol sa nangatutulog,
sa magsisisiláng mabangis na hayop
na nagpapahirap sa manga soldados.

Nang maiayos na ang lahat nang caual
at ang gutom nila'y nang mapauing tunay
ay si Carlomagno pagdaca'y lumagay
sa puno nang isang malaking halaman.

Siya'y lumuhod na't nanalangin doon
at nagmaca-aua sa Dios na Poon,
na sila.y iligtas sa madlang lingatong
at matausan din ang canilang layon.

Nagpapacumbabang liha'y tumutulo
sa gayong caniyang pagmamacaamo,
hibic at pagluhog na taos sa pusò
at manga pagdaing at buong pagsuyo.

At pinasimulan yaong pagdarasal
nang sa Dios bagang manga capurihan,
sa dasal na verso'y nang dumating naman
may voces nang ibong siya'y napakingan.

Na ang uica'y tunay na naringig ca na
nang pagdalangin mo sa Dios na Amá,
gayon man ay di rin tumitiguil siya
hangang sa dumating sa verso pang iba.

Ibon ay muli pang nagsabing malacas
na naringig cana niyong pagtauag,
nang cay Carlomagnong yao'y matalastas
sa mangā pinuno'y nag-utos na agad.

Lahat nang soldado ay ipinalagay
sa mabuting ayos niyong pagcahanay,
at pinagsabihan nang panghihinapang
lumacad nang siya ang nasa unahan.

Sinusundan nila'y ibong lumilipad
na bilang patungo doon sa paglacad,
anopa't natunton ang tunay na landas
caya ngā't toua nila'y hindi hamac.

Pinagca-alama't magpahaga ngāyo'y
laguing nakikita ang nasabing ibon,
nang nangāliligaw sa gubat na yaon
pinapatnuguta't daa'y nang matunton.

Sa gubat na yao'y nang macalabas na
yaong Emperador at casamang tropa,
isang daang libo ang natanaw nilang
turcong bucod-bucod ang pulutong bagá.

At cung caya naman nila natalastas
ay may lihim silang taga pagsiyasat,
at cung magagaling ang sandatang sangcap
nang magaua nila ang lalong marapat.

Pinacabuti na ang canilang ayos
at nangāgsigamit nang tanda nang Cruz.
nanalig na paua sa aua nang Dios
at nagpacatapang nang canilang loob.

Niyong matapos nang ihanay ang caual
sa lalong mabuting mangā catayuan,
at inaatas na ang mangā paraan
na marapat gauin sa pakikilaban.

Sinimulan na ngā ang pagbabatalla
nang dalauang hucbong leon ang capara,
tapang nang cristiano ay cataca-taca
sa dahas at liesi nang pananandata.

Ang cahalimbana'y tigre at halimaw
niyong paghandulong sa mangā caauay,
magcabi-cabila'y nagcalat ang bangcay
niyong mangā turcong canilang calaban.

Nang ualang magaua sa pakikilaban
at napipipilan nang pananandata,
nang di macasaho't nasasahol sila
ay nañagtacbuhan silang para-para.

Pumasoc sa Ciudad niyong Jerusalem
at adhicang doon mañag-sisitiguil,
ñguni di nangyari't sila'y inusig din
nang mañga cristiano saan man dumating.

Anopa at sila'y hindi tinugutan
hangang di naubos na pinagpapatay,
nang uala na cahit ni isa mang buhay
doon ay sila na ang namuno naman.

Yaong Santong lugar ay nang mabaui na
sa camay nang turcong mañga palamara,
ay si Carlomagno't lahat nang casama
ay doon na muna sila nagpahiñga.

Nang macapagpaui na sila nang pagal
sa bunying Patriarca ay nagpapaalam,
binibigyan sila niyong cagantihan
guinto't pilac sampong batong bagay-bagay.

Bunying Emperador na si Carlomagno
at gayon din yaong Haring Constantino,
ay hindi tumangap nang handog na ito
niyong Patriarcang huminging saclolo.

Kinilala nilang tunay na nag-utos
sa canila'y yaong darakilang Dios,
at ang catapañgan sa pakikihamoc
nila, ay Dios din yaong nagcaloob.

Sa guinauang yaong di pagtangap nila
ang uinica naman niyong Patriarca,
cung gayo'y ang ualang timbang na halagá
ang aking sv inyo ay ipakikita.

Cayong lahat ñgayo'y hustong tatlong araw
na mañag-colacio't tuloy magcumpisal,
at mañagcomunion sa kinabucasan
na sinoma'y huag pasalahin lamang.

Malabis ang touang canilang tinangap
at noon din sila'y nagcolaciong lahat,
nañagcompisal di't comunio'y ginanap
hiling nang Patriarca ay pauang tinupad.

Tanang cautusa'y nang mairaos na
ay humirang naman nang labindalaua,
na mangga guinoo at iniatas niyang
ilual sa Cofre ang tanang Reliquia.

Yaong Emperador Carlomagno naman
ay sa Arzobispo siya'y nagcumpisal,
at tuloy rin namang siya'y nakinabang
ayon sa Iglesiang mangga cautusan.

At yaong pinili na labindalawa
ay pinasimulan yaong pagcacanta,
nang Letania't Salmos namang iba't ibang
pagbibigay puri sa Dios na Amá.

Saca ang Prelado doon sa Napoles
na cagalang-galang na ang ngala'y David,
binucsan ang Cofreng doo'y nasisilid
ang cay Jesucristo na coronang tinic.

Ang takip nang Cofre ay nang maibucas
ang samyo nang bango ay humalimuyac,
na nagbigay aliw sa tanang caharap
asa nilang na sa Paraisong lahat.

Noo'y natiguib nang pagsampalataya
ang cay Carlomagnong puso't caloloua,
siya ay lumuhod na caracaraca,
na namamalisbis ang luha sa matá.

Casabay ang hibic at mangga paglulog
sa di matingcalang maauaing Dios,
at ang Pasión niya'y nang lalong mabantog
ang bagong himala'y ipinagcaloob.

Sa oras ding yaon namang capagdaca
ang coronang tinic nang nacop sa sala,
nagsipamulaclac na caayaaya
ang samyo nang bango ay ualang capara.

Na nacabubusog sa naroong lahat
caya ngá't ang toua nila'y hindi hamac,
at niyong hanguin ang Santos Reliquias
ay lalong maraming himalang namalas.

Tanang mangga lumpo, bulag sampong pipi
ang pilay ay bucot sampong mangga bingi,
gumaling na lahat caya't di masabi
yaong cagalacan sa gayong nangyari.

Ang mañga leproso ay gayon din naman
caya't nagpupuri silang walang humpay,
ang dakilang bañgo'y sumikip sa baya't
nasamyo nang lahat yaong casarapan.

Malacas na voces ay nariñgig nila
uica'y cabuhayan ñgayon nang lahat ca.
at ito ang araw nang mahal na graciang
caloob na tunay nang Dios na Amá.

Tatlong daa't lima ang mañga may sakít
sa araw na yao'y gumaling na tikis,
caya ñga't sa puso nila'y nañgatitic
ang himalang yaon nang Dios sa Langit.

Ang Prelado Daniel ay cumuha naman
niyong isang paco nang nacop sa tanan,
at sa relicariong guinto'y ilinagay
isang bagong taong gumaling ang damdam.

Capagcabata nang ipañganac siya
at ang calahati nang catauan niya,
ay tunay na tuyo capagcaraca na
cung caya ñga hindi macakilos bagá.

Ñguni at dahilan sa pacò ni Cristo'y
biglang nacalacad ang nasabing tao,
at naparoon nang halos tumatacbo
sa Simbahang hayag na cay S. Sabino.

Doon ñga pinuri't pinasalamatan
ang aua ñg Amáng macapangyarihan,
at ang sakít niyang pinagcalabasan
gumaling na tila nagdahilan lamang.

At sa Alemania naman ay gayon din
maraming may sakit yaong pinagalin,
sampon nang Enano ay lumaking tambing
at sa cahustuhang anyo ay tumiguil.

Ualang di gumaling na mañga may damdam
doon sa Reliquias nang nacop sa tanan,
caya't nañgagpuri nang di ano lamang
sa Dios na ualang hanggang caauaan.

At saca isa pang sangol na patay na
ang muling nabuhay na cataca-taca,
dahil sa cay Cristong pacong mahalaga'y
siyang naguing lunas na nagpaguinhaua.

Saca nâng dumating doon sa Aquisgran
ay huminto sila sa isang Simbahan,
at sa isang Altar nila ilinagay
ang Santas Reliquias ni Jesús na mahal.

Ang Simbahang yao'y sa mahal na Virgeng
Nuestra de la Salud, at siya'y nagbilin,
na sa taón-taó'y huag pasalahin
na ang cafiestaha'y pilit gaganapin.

Sa buan nang Junio ay ipamamalas
sa lahat nang tao ang Santas Reliquias,
at mangag-cacamit sila nang plenarias
yaong Indulgenciang sa sala y patauad.

Pasiya nang Papa ang bagay na ito
nang ipagcaloob sa cay Carlomagno,
caya't guinaganap nang mangâ cristiano
na tunay na lingcod nang Poong si Cristo.

Ang Simbahang yao'y pagaua rin naman
niyong Emperador Carlomagnong hirang,
caya ngâ't ang bilin ay nang maisaysay
siya'y nagbalic na sa palacio real.

Magmula na noo'y nabalitang tikis
ang cay Carlomagnong cabutiha't bait,
siya ang nagtatag niyong Doce Pares
taglay nang caniyang cagandahang isip.

Sa pagcabayani ay siyang nabantog
na sa mangâ turco ay naguing kilabot,
ganon dín sa lahat nang nangâsasacop
ay lubhang hinahong cung siya'y mag-utos.

At sa Dios nama'y lubos ang pag-galang
maguing sa Iglesia na cay Cristong halal,
sinusunod niyang ualang caliuagan
ang bilin at utos at ang mangâ baual.

Caya't ang caniyang magagandang gaua
siyang dapat cunang uliran nang madla,
at sa mangâ puno'y isang halimbaua
nang casarapang luminĝap sa capoua.

Hindi sa sarili lamang lumilingap
at iisa yaong pagtingin sa lahat,
maguing sa mayaman at sa mangâ salat
sa caniya'y ualang mababa't mataas.

Di gaya nang Haring si Herodes
na sakim sa yama't carangalang labis,
caya nga't sa gauang yao'y ang nasapit
doon sa Infierno cusang nagcasakit.

At gayon din yaong si Poncio Pilatong
hocom na humatol sa Poong cay Cristo,
sa tacot sa bala niyong mangga judio
na ipagsusumbong siya cay Tiberio.

Na siya ay isa bilang casapacat
nang ipinaghablang mahal na Mesias
ay baca alisin sa tungkol na hauac
cung caya humatol nang hindi marapat.

Cahi't alam niyang ualang casalanan
ay ipinasiyang si Cristo'y mamatáy.
nang sa cay Tiberio'y ipagsabi naman
gauang lihis niya'y siyang hinatulan.

At ipinahuli na guinapos siya
tuloy tinubungang hayop ang capara,
at noon din siya ay ipinadala
doon sa caniyang bayang Tarragona.

Na uala ni'cahit banig man ó cumot
caya nga't sa lupa lamang natutulog,
at di iniiuan nang sundalong tanod
hangang sa ang búhay niya ay natapos.

At nang makitil na ang tangang hininga'y
ibinulid naman yaong caloloua.
doon sa Infierno't dusang ualang hanga
at uala cahima't camunting guinhaua.

Pagca't si Pilato ay hindi binyagan
siya'y nalalabas cay Cristong baunan.
caya't suson-suson yaong cahirapan
at di matatapos magpacaylan man.

Dahil sa mayroong lumabas na auit
na dili umano'y na akyat sa langit,
yaong si Pilato, ito'y sabing lihis
nang nagsasalita ay di iniisip.

Ipinahahayag niyong Evangelio
na ang di tumangap nang Agua Bautismo,
ay di nagcacamit nang Langit sa Reyno
at ang matatamo'y hirap sa Infierno.

Camaliang tunay yaong pangungusap
na si Pilato ay sa Langit na akyat,
at ang nabasahan ay librong salungat
ó lic-ha nang budhing lubos na pangahas.

Kinacailangang anomang gagauin
nang tao, ay dapat munang iisipin,
at sala sa Amang lumalang sa atin
at tatauanan pa nang macalilining.

Huag yaong tayo'y macakita lamang
nang pilac, ay cahit di catotohanan,
cahit ualang librong kinakikitaan
ay di nangingimi nang pagsasalaysay.

Alalahanin mo guiliw na capatid
na di gagapilac lamang yaong Langit,
sa camunting yamang ating ninais
yaong ualang hangang toua'y ipapalit.

Magnilay-nilay ca't ang gauang mabigla
ay di gayon lamang cung mapangganyaya,
bakit ang parusa'y laguing nacahanda
nang Hucom na hindi mangyaring madaya.

Sa caniya ay ualang munting nalilingid
ang lahat ay paua niyang nalilirip,
cahit gagadulo man lamang nang hanip
at siya'y ualang hindi nababatid.

Mabuti na lamang cung mapagsisihan
ang lahat nang ating gauang casalanan,
at may patauad pang sucat maasahan
nguni't cung di gayo'y sauing capalaran.

Sa utos nang Dios ay dapat gumanap
tayo, at gayon din sa Iglesiang atas,
nang upang matamo nating aliualas
ang caligayahang ualang pagcucupas.

WACAS

MAHAHALAGANG AKLAT AT BABASAHING TAGALOG NA IPINAGBIBILI SA

IMPRENTA AT LIBRERIA

NI

P. Sayo Balo ni Soriano

Pamagat	Maykatha	Halaga
Bahaghari	G. Chanco	₱0.40
Sa Gitna nğ Lusak	,,	.60
Kalihim nğ Puso	Geranio (G. Chanco)	.50
Unang Pagibig	V. Hernandez	.40
Kasawian nğ Unang Pagibig	,,	.40
Halik nğ Pagmamahal	S. Flores	.20
Medicina Domestica	R. Ignacio	1.50
Isa pang Bayani	J. L. Arsciwals	.20
Ang Bill Jones No. 2	M. Paglinawan	.20
Sa Binğit nğ Balaho	Maulap	.30
Ang Aklat nğ Iná	Miguel Antonio	.50
Pocket Dictionary English-Spanish-Tagalog	S. G. Calderon	1.20
Ang Tunay na Pagibig	I. Ed. Regalado	.50
Dahil sa Pagibig (Unang bahagi)	Gerardo Chanco	.60
Pancho Villa	B. R. Ramos	.30

Iba't ibang Awit na babasahin.

Sa pakyawan at tingi:

225 Rosario, Binundok.

MAYNILA.

LIMBAGAN AT AKLATAN

NI

P. Sayo, Balo ni Soriano

Rosario 225, Plaza del Conde 1008, Binundok at Azcarraga 552, Tundo.

DITO'Y NAGBIBILI NG SARISARING "NOVELA" AT AWIT"

TINGI AT PAKYAWAN

Isang dali lamang

Kasalukuyang nililimbag sa Limbagang ito ang salin sa tagalog nğ dalawang nobelang kastila na *Dora* at *La Tumba de Hierro*, na pinamagatan ang una nğ "*SA LAOT NG PAGSUSUYUAN*"at "*ANG LIBINGANG BAKAL*"ang pangalawa, nğ tumagalog na si *Rosendo Ignacio*

Di malalaunan at maipagbibili na sa buwan nğ Marsong darating.